Public Health
Seattle & King County

Utos ng Lokal na Opisyal ng Kalusugan ng King County

Ang mga malalaking pampublikong kaganapan, panloob na mga libangan, gym, restawran, at bar ay dapat kailanganin ang mga kostumer na magpakita ng patunay ng pagbabakuna o negatibong pagsusuri.



Setyembre 16, 2021

Public Health
Seattle & King County

Simula Oktubre 25:

Ang mga kostumer ay kinakailangang magpakita ng patunay ng pagbabakuna ng COVID-19 o negatibong pagsusuri upang pumasok:

- Mga panlabas na kaganapan na may 500 mga tao o higit pa (kasama ang mga propesyonal at pangkolehiyong palakasan at mga kaganapan sa libangan)
- **Mga panloob na kaganapan sa libangan o establisyemento** (kasama ang mga propesyonal na palakasan, libangan, sining pangganap, teatro, live na musika, gym at kumperensya)
- **Mga restawran at bar** (kasama ang panloob na kainan). Ito ay hindi nalalapat sa panlabas na kainan, mga kostumer na kumukuha-palabas, at mga lugar na hindi pangunahing ginagamit bilang restawran tulad ng mga pamilihan.

Ito ay hindi nalalapat sa mga batang wala pang 12 taong gulang

Public Health
Seattle & King County

Simula Disyembre 6:

Ang mga kostumer ay kinakailangang magpakita ng patunay ng pagbabakuna ng COVID-19 o negatibong pagsusuri upang pumasok:

- **Mga restawran at bar** na may kapasidad ng pag-upo ng 12 o mas mababa



Public Health
Seattle & King County

Ano ang itinuturing na patunay ng pagbabakuna?

- CDC Kard ng bakuna o larawan ng kard ng bakuna
- Dokumentasyon mula sa medikal na rekord / tagapagbigay ng bakuna
- Patunay ng pagbabakuna mula sa ibang estado o bansa
- Mga mobile app mula sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (inaprubahan ng Kagawaran ng Kalusugan ng WA)
- Ang nakaprintang sertipiko o QR code (magagamit sa katapusan ng Setyembre) mula sa MyIRMobile.com

Hindi mo kailangang ipakita ang pagkakakilanlan na may patunay ng pagbabakuna.

Public Health
Seattle & King County

Ano ang MyIR Mobile?

Ang MyIR Mobile ay isang portal na nakabatay sa internet na nagbibigay sa mga tao ng akses sa kanilang opisyal na mga tala ng pagbabakuna ng estado. Maaari kang gumawa ng isang account sa

www.MyIRMobile.com

Ang MyIR Mobile ay kasalukuyang limitado sa wikang Ingles lamang. Para sa tulong sa wika, o karagdagang tulong sa pagkuha ng iyong mga rekord, tawagan ang Washington State Vaccine Helpline sa (833) 829-4357 o mag-email sa waissrecords@doh.wa.gov

Public Health
Seattle & King County

Kung hindi ka nabakunahan o hindi maaaring patunayan ang katayuan sa bakuna, dapat kang magpakita ng katibayan ng isang negatibong PCR COVID-19 na pagsusuri sa huling 72 oras, o isang mabilis na resulta ng pagsusuri mula sa isang tagapagbigay ng pagsusuri na isinagawa sa isang kaganapang lugar o establisyemento bago pa lang pumasok.

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin

kingcounty.gov/verify

Public Health
Seattle & King County